Tagalog

ながのけんインフォメーション（タガログ語版）

# IMPORMASYON MULA SA NAGANO PREFECTURE

Marso 2024 No.77

International Relations Division
Citizens and Cultural Affairs
Nagano Prefecture
T E L : 026-235-7173
Email : tabunka@pref.nagano.lg.jp

Paunawa

## Ingatan ang Sarili mula sa Sakuna

Noong Enero 1, nagkaroon ng malakas na lindol sa Ishikawa. Naobserbahan din ang malawakang pagyanig sa Nagano. Kapag nagkaroon ng malakas na lindol, malaki ang pagbabago sa kinagawiang pamumuhay. Bilang paghahanda sa panganib, patiunang kumpirmahin kung saang evacuation center dapat pumunta.

### ○Maghanda sa paglikas

- Residence Card（Passport）・Gamot
- Cellphone・Insurance Card（Student Card）
- Wallet・Pagkain・Tubig

### ○Sumali sa Disaster Drill

- Makukumpirma ang Evacuation Center
- Magiging pamilyar sa kapitbahay
- Sa oras ng panganib, magiging kalmado ang paglikas

### ○Magkalap ng Impormasyon

- Malalaman ang impormasyon tungkol sakuna kapag may emergency
- Opisyal na account ng Nagano tungkol sa impormasyon sa sakuna
  Naghahatid ng impormasyon kapag may sakuna
  （Nihongo・Chinese・English）



Paunawa

## Naghahatid ng Impormasyon sa Iba't ibang Wika

Ang "Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center" ay naghahatid ng impormasyon sa wikang banyaga sa pamamagitan ng Social Networking Service (SNS).

### Facebook Account

日本語
Nihongo

タガログ語
Tagalog

ポルトガル語
Português

タイ語
แบบไทย

ベトナム語
TiếngViệt


インドネシア語
Bahasa Indonesia

LINE Call

WeChat
(Chinese)

## Konsultasyon

### "Yorisoi Hotline" Konsultasyon para sa Lahat



Ang "Yorisoi Hotline" ay tumutugon sa mga konsultasyon sa 10 wika para sa mga nahihirapang makipag-usap sa Nihongo. Tumutugon sa mga konsultasyon tulad ng visa at status ng paninirahan, pamumuhay at trabaho sa Japan, at anumang problema o ikinababahala. Iingatan ang inyong sekreto. (Walang bayad) Maaaring kumunsulta rito kapag sarado o kapag nais kumunsulta sa oras na hindi tugma sa oras ng pagtanggap ng konsultasyon sa tanggapan ng Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center.

**Free Dial : 0 1 2 0 – 2 7 9 – 3 3 8**

Makikita sa homepage ang oras, araw na puwedeng kumunsulta sa nais na wika, at mga wikang posibleng matugunan.

Para sa Facebook

## Paaralan

### Paaralan sa Japan

Ang isang mag-aaral na banyaga ay maaaring pumasok at mag-aral sa elementarya at mababang sekondarya nang libre tulad ng isang mag-aaral na Japanese. I-scan ang QR Code upang makita ang paliwanag sa pamamagitan ng video at textbook.

| | |
|---|---|
| **Patnubay sa Pagpasok sa Paaralan sa Japan** | English, Korean, Vietnamese,Tagalog, Chinese, Português, Spanish, Ukranian |
| **Patnubay ng Pagpasok sa High School sa Nagano** | English, Vietnamese, Thai, Tagalog, Chinese, Português, Spanish |
| **【Video】 Masayang Makilala Ka Maging magkaibigan Tayo** | English, Português, Spanish, Chinese, Tagalog, Vietnamese, Khmer, Korean, Bahasa Indonesia, Thai, Mongolian, Nepali, Burmese, Ukranian, Japanese |
| **【Video】Tungkol sa Elementaryang Paaralan sa Japan** | |

**Bakit Abril ang pasukan ng paaralan sa Japan!?**

Sa Japan, Abril ang pasukan at Marso ang pagtatapos ng paaralan.
Maraming bansa ang may pasukan na Setyembre.
Ang fiscal year sa Japan ay nag-uumpisa ng Abril at sinasabing dito isinabay ang umpisa ng pasukan sa paaralan.
Tandaan na iba ang pasukan sa Japan, kaya mag-ingat sa pagpapapunta ng kamag-anak na nais pag-aralin sa Japan.



Ang「Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center」ay tumutugon sa mga konsultasyon tungkol sa pang-araw araw na pamumuhay sa 15 wika. (Walang bayad)
026-219-3068 / 080-4454-1899　ホームページ：https://www.naganoken-tabunka-center.jp/